


# EO 70 at ang National Task Force

## Ang pangingibabaw ng kapangyarihang militar sa rehimeng Duterte

Bersyon 2

Kawanihan sa Impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas
Marso 2020

# Pambungad

Nang pirmahan ni Presidente Rodrigo Duterte ang Executive Order (EO) 70 noong Disyembre 17, 2018, binigyan niya ng walang kaparis na kapangyarihan ang mga pwersang panseguridad na kubabawan ang buong makinarya ng reaksyunaryong estado. Sa ngalan ng "whole-of-nation approach," binuo ni Duterte noong Mayo 2019 ang National Task Force (NTF) at nireorganisa ang burukrasya upang ipailalim sa kontrol ng militar ang iba't ibang ahensyang sibil. Tiniyak din niyang aayon ang mga programa nito sa layunin ng kontra-insurhensya.

Ang EO 70 at ang NTF ang isa sa mga masasaklaw na pasistang hakbangin sa paghaharing tiraniko ni Duterte. Kahanay nito ang inilunsad niyang pekeng "gera konra-droga" at "todo-gera" laban sa rebolusyonaryong kilusan. Noong 2017, ipinataw niya ang batas militar sa buong Mindanao kasabay ang pagdurog sa Marawi City. Ipinailalim niya noong 2018 ang Samar, Negros at Bicol sa paghaharing militar sa pamamagitan ng Memorandum Order (MO) 32. Gamit ang EO 70, ipinailalim niya ang buong bansa sa hindi deklaradong batas militar.

Sa ilalim ng EO 70 at NTF, pinaigting ni Duterte at ng kanyang mga pasistang alipures sa AFP at PNP ang brutal na mga kampanya ng pagsupil at mga pamamaslang. Pinagsanib ang operasyon ng mga pwersa ng pulis at militar sa Joint Campaign Plan Kapanatagan, at inilunsad ang kampanya ng malawakang pamamaslang at pang-aaresto gaya ng Oplan SEMPO/Sauron sa Negros, at panggigipit sa kilusang masa sa anyo ng Oplan Kalasag sa Metro Manila. Sa ilalim ng NTD, namamayani sa buong burukrasya ang makitid na pasistang pananaw na sinumang bumabatikos sa gubyerno ay komunista, tumutulong sa armadong kilusan at gayo'y dapat supilin kundi man patayin.

Binigyan ni Duterte ng walang kaparis na kapangyarihan ang AFP para tiyakin ang katapatan sa kanyang paghahari at kagustuhang palawigin ito. Pinalilibutan niya ang kanyang sarili ng mga aktibo at retiradong heneral at binibigyan ng kapaki-pakinabang na pwesto ang iba pa.

# Ano ang doktrina sa likod ng EO 70?

ANG EO 70 ay binalangkas alinsunod sa estratehiyang nailatag na sa naunang mga taon. Pangunahin dito ang National Security Policy (NSP) 2017-2022 na inilatag ng National Security Agency (NSA). Ayon dito, lahat ng aspeto ng lipunan ay may kinalaman sa pambansang seguridad. Sa gayon, lahat ng aktibidad ng estado—mula pulitika, ekonomya hanggang kultura—ay saklaw ng mga pwersang panseguridad. Alinsunod dito, inilabas ni Duterte ang Executive Order 16 noon ding 2017 na nag-utos sa lahat ng mga ahensya, kagawaran at maging mga ospital, eskwelahan at iba pang pampublikong institusyon, na isingit ang mga prayoridad ng NSA at gawing gabay ang NSP sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga plano at programa.

Mula sa NSP, inilabas noong 2018 ni National Security Adviser Hermogenes Esperon ang National Security Strategy (NSS). Iginiit nito na dapat pagsilbihin ang lahat ng instrumento ng estado—mula sa pulitikal at ligal, diplomatiko, pagpapalaganap ng impormasyon, pagtitipon ng intelidyens, mga programa sa ekonomya, at ang militar at pulis—sa pambansang seguridad.

Ang EO 70 ang pormal na pagsasakatuparan sa NSS. Idineklara nitong pangunahing layunin ng gubyerno ang pagsupil sa armadong tunggalian at lahat ng "banta sa pambansang seguridad." Dapat umanong ituon ang buong makinarya ng estado para rito. May tatlong deklaradong programa ang EO 70: ang institusyunalisasyon ng estratehiyang “whole-of-nation” na kontra-insurhensya; ang pagtatatag ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict o NTF-ELCAC; at ang pagtataguyod ng kunwa’y "planong pangkapayapaan."

Pasismo ang doktrina sa likod ng EO 70. Madami itong palamuting mga salita tulad ng "pagharap sa ugat ng kontra-insurhensya," "pagbibigay-prayoridad sa paghahatid ng saligang mga serbisyong panlipunan at programang pangkaunlaran," at "aktibong partisipasyon ng lahat ng sektor ng lipunan sa pagtamo ng adyendang kapayapaan ng bansa." Pero lahat ng ito ay napapasinungalingan sa pagbibigay ng kautusan sa militar ng nangungunang papel sa pagpapatakbo ng gubyerno. Ipaiilalim sa kontrol nito maging ang mga ahensya sa ekonomya, edukasyon at panlipunang kagalingan. Pasismo, sa

pamamagitan ng armadong pagsupil sa mga sibilyan, ang pangunahing pamamaraan nito.

Ang pasismo ang walang gayak na paggamit ng mapamilit na mga instrumento ng estado, pangunahin na ang armadong mga pwersa nito, para sa preserbasyon ng sistemang pinaghaharian ng iilang mapang-api at mapagsamantalang mga uri. Ito ang nasa ubod ng EO 70. Sa likod ng tabing ng "pagsisikap at inisyatiba ng mga pambansang ahensya ng gubyerno, mga gubyernong lokal at *civil society*," sentral ang papel ng karahasan ng estado sa pagsiil sa iba't ibang anyo ng sama-samang paglaban ng masa at sistematikong pagkitil sa kanilang mga demokratikong karapatan.

**Ano ang pamamaraang "whole-of-nation" sa kontra-insurhensya?"**

UNANG LUMITAW BILANG PAMAMARAAN ang laban sa rebolusyonaryong armadong kilusan sa Oplan Bayanihan ng rehimen ni Benigno Aquino. Noo'y ipinangalandakan ito bilang paradigm shift o pagbabago sa estratehiya ng AFP kung saan ginawang pangunahin ang di militar na pamamaraan sa paggapi sa BHB. Sa papel, binigyan nito ng malaking katungkulan ang iba't ibang ahensyang sibilyan at mga pribadong entidad bilang mga "stakeholder" sa pagresolba sa armadong tunggalian.

Nakabatay ang konseptong ito sa "whole-of-government" at "whole-of-society" approach na nakapaloob sa US Counterinsurgency Guide na inilabas noong 2009. Hango ang gabay na ito sa mga operasyong kontra-insurhensya ng US sa Afghanistan at Iraq. Simple lamang ang layunin ng kampanyang ito: ang gawing lehitimo ang gubyernong walang kredibilidad at silbi sa sarili nitong mamamayan. Mayroon itong limang aspeto: 1) ang aspetong pang-ekonomya at pangkaunlaran; 2) estratehiya sa pulitika; 3) aspetong pangseguridad; at 4) ang aspetong pang-impormasyon. Ang apat na aspetong ito ay magluluwal ng panlimang aspeto: ang tinatawag na "kontrol" sa target nitong populasyon. Bigo pareho sa Afghanistan at Iraq na makamit ito.

# Ano ang NTF at ang operasyon nito?

ANG NTF ANG PANGUNAHING MAKINARYA para isakatuparan ang EO 70 at kampanyang mapanupil nito. Pinamumunuan ito ni Duterte at pinapangalawahan ni Esperon. Siyam, o halos 43% sa 21 upisyal nito ay mga retirado at aktibong upisyal ng militar at pulis. Kabilang sila sa humigit-kumulang 70 upisyal militar na hinirang ni Duterte sa iba't ibang pusisyon sa burukrasya noong nakaraang taon.

Ang NTF ay konsentradong anyo ng gabinete ni Duterte. Mistula itong isang huntang sibil-militar. Dominante rito ang mga upisyal militar. Sila ang nagbabalangkas at nagtatakda ng mga susing patakaran ng gubyernong Duterte sa pulitika, ekonomya, militar, kultura at ugnayang panlabas ng bansa.

Kinulumpon sa 12 grupo ang mga ahensya ng gubyerno, alinsunod sa rekomendasyon ng NSS. Kabilang sa bawat kulumpon ang mga kinatawan ng AFP, PNP at mga ahensyang paniktik.

Binuo rin sa ilalim ng NTF ang mga *regional task force* (RTF). Bawat isa ay tinututukan ng isang Cabinet Officer for Regional Development and Security (CORDS). Ipinailalim sa mga RTF ang Regional Development Council (sa ekonomya) at ang Regional Peace and Order Council (panseguridad). Unang itinayo ang RTF sa Region IV (Calabarzon) noong Pebrero 2019. Bago magtapos ang taon, nabuo na rin ang mga ito sa buong bansa. Kahit walang BHB sa NCR, binuo ang RTF-NCR para manmanan at gipitin ang mga organisasyon ng kabataan, propesyunal, progresibong partido at iba pang grupong inaakusahan nitong prente o tagasuporta ng armadong kilusan. Pagsapit ng katapusan ng 2019, marami nang nabuong mga *task force* sa antas prubinsya, munisipalidad at barangay.

Kinukubabawan ng militar ang lokal na mga sibilyang ahensya. Sa mga prubinsya at rehiyon, kinukubabawan ng mga RTF ang pamamahala ng mga lokal na gubyerno. Madalas, nababaluktot at nadidistrungka ang programa at mga prayoridad ng mga ito dulot ng panghihimasok ng mga RTF. Pangunahing pinakikialaman ng mga RTF ang paglalaan ng pondo at rekurso para sa mga pampublikong proyekto. Sa antas-bayan, madalas na ipatawag at pinatatakbo ang mga pulong nito ng mga kumander ng batalyong nakadestino sa lugar.

# Ano ang mga sangkap ng EO 70 at NTF?

MAY APAT NA SANGKAP ang EO 70 at NTF:

a) masisinsing operasyong kombat sa kabundukan at patag;

b) okupasyong militar sa mga komunidad, kampanyang "surender" at pakitang-taong mga proyekto;

c) kampanya para wasakin ang mga demokratikong organisasyong masa sa paraang pulitikal, ligal at ekstrahudisyal; at

d) disimpormasyon at panloloko ni Duterte.

Sa mga sangkap na ito, pangunahin ang masisinsing operasyong kombat sa layuning gapiin ang mga yunit ng hukbong bayan. Dito ibinubuhos ng rehimeng Duterte ang pinakamalaking rekurso. Mahigpit itong nakakombina sa okupasyong militar sa mga komunidad at kampanyang saywar at "surender" sa hibang na layuning "limasin ang tubig upang hulihin ang isda."

## Masisinsing operasyong kombat at okupasyong militar sa mga komunidad

NOONG TAONG 2019, tinarget ng NTF na buwagin sa buong bansa ang kabuuang 30 larangang gerilya, 14 na panrehiyong yunit gerilya, at anim na Pulang Bagani Command sa Mindanao. Para rito, nagbuo ang AFP ng mga *joint task force* sa antas ng mga dibisyon na sumasaklaw sa kulumpon ng mga rehiyon. Inipon sa ilalim nito ang mga batalyon mula sa iba't ibang brigada, mga espesyal na pwersa, at Tactical Operations Group ng Philippine Air Force. Sininsin nito ang pakat ng mga pwersang pangkombat na nasusuportahan ng malalakas na armas kabilang ang mga *drone* at pang-atakeng mga helikopter at eroplano, mortar at mga kanyon.

Layunin ng pagbubuo ng gayong mga *joint task force* na ikoordina ang "mga operasyon sa walang putol na hangganan" (*seamless boundary operations*).

Inilulunsad nito ang mga *focused military operation* (FMO o nakapokus na operasyong militar) laban sa mga target nitong gapiin na mga yunit ng BHB at sentro ng pamunuan ng Partido.

Sumasaklaw ang mga FMO ng dalawa hanggang tatlong bayan (karaniwan sa mga hangganan ng kulumpon ng mga baryo) at tumatagal nang isa hanggang tatlong linggo. Karaniwang inilulunsad ito matapos ang mahaba-habang operasyong paniktik at panggigipit sa magkakanugnog na mga baryo.

Naglulustay ang estado ng P4-6 milyon para sa bawat FMO para sa suplay at iba pang saligang pangangailangan ng mga tropang pinakikilos. Lumolobo pa ito depende sa dami ng tropang ginagamit sa operasyon, pagpapalipad ng mga *drone*, *reconnaisance aircraft* at helikopter, paggamit ng kanyon at iba pa. Tinatayang di bababa sa P200 milyon ang gastos sa mga FMO sa mga prayoridad na rehiyon sa isang taon.

Kasabay ng malakihang mga operasyon ang nagsasalit-salitan at walang patid na mga operasyon ng mas maliliit na yunit ng AFP. Noong Hulyo 2017-Agosto 2018, naglunsad ng di bababa sa 126,000 *small unit operation* ang mga yunit sa ilalim ng Eastern Mindanao Command. Kadalasan, inilulunsad ang mga maliliitang operasyong ito para bantayan ang mga proyektong konstruksyon (daan at tulay), magbigay ng seguridad sa bumibisitang mga upisyal, at magpatawag ng mga pulong at seminar, sensus at iba pa.

Samantala, inilulunsad ang mga operasyong Retooled Community Support Program o RCSP sa mga baryo na kinategorya ng AFP na “impluwensyado” o “bahagyang impluwensyado” ng BHB. Kabilang dito ang mga baryo sa liblib na mga lugar na tinawag nitong Geographically Isolated and Disadvantaged Areas. Isinasagawa rin ito sa mga lugar na tinatayang pagpapalawakan (ekspansyon) ng BHB. Maaaring isang tim, platun, kumpanya o buu-buong batalyon ang nagsasagawa ng CSP. Ipinapakat ang mga ito sa gitna ng mga baryo at karaniwang bumabase sa mga *barangay hall, day care center, basketball court*, eskwelahan at iba pang sibilyang pasilidad. Nagtatagal ang kanilang okupasyon nang isang linggo, ilang buwan o mahigit isang taon. Ang RCSP ang bagong katawagan sa dating mga operasyong "peace and development."

Ang RCSP ay bahagi ng mga operasyong tinaguriang *base denial* na layong pagkaitan ng base ang BHB. Layunin nitong putulin ang suporta ng masa sa BHB, itaboy at ihiwalay ang mga yunit nito, ilagay ang mga Pulang mandirigma sa lantay na

kalagayang militar at gapiin gamit ang superyor na pwersa.

Inilulunsad nito ang mga operasyon saywar na nakasentro sa E-CLIP (Enhanced Community Livelihood and Integration Program), kasabay ng limitado, pili at pakitang taong sosyo-ekonomikong mga proyekto.

Sa tabing ng RCSP, binabantayan ng mga sundalo ang kilos ng mga residente, nililimita ang kanilang pagsasaka at paghahanapbuhay, at sinosona ang kanilang mga komunidad. Sinisindak ng mga sundalo ang kilalang mga lider masa para pwersahing makipagtulungan sa kanila.

Kalakaran na ng AFP ang paglalabas ng mga listahan ng inaakusahang mga myembro ng "milisyang bayan," "UGMO," at iba pa. Lahat ng nasa mga listahang ito ay pinasusurender. Ang mga tumanggi ay ginigipit, pinapaslang, inaaresto at binibilanggo, kundiman direktang pinapatay. Noong kalagitnaan ng 2019, ipinagmalaki ng AFP na mahigit 6,000 na ang "sumurender," karamihan sa Mindanao. Halos lahat sa kanila ay ipinatawag ng AFP sa mga kampo at pagtitipong militar kung saan pinapipirma sila sa mga blangkong papel bago ipinaparada bilang mga "sumurender na NPA."

Pwersahang nirerekrut sa CAFGU ang mga magsasaka. Ipinaiilalim sila sa brutal na mga pagsasanay at *hazing*. Ang iba'y pinipilit nilang gumampan ng mga gawaing paramilitar tulad ng paghahanap ng mga bakas at yapak sa gubat ("bantay tunob") at iba pa. Bumubuo sila ng mga kwerpong panseguridad sa mga komunidad, at sinasanay at inaarmasan ang mga tanod bilang mga Barangay Patrol Team. Kalauna'y ginagamit silang mga giya at espiya sa mga operasyong kontra-BHB.

Kasabay ng sapilitang rekrutment, nagtatayo sila ng mga detatsment sa sentro o paborableng mga bahagi ng komunidad. Sa Bicol, may 113 nang mga detatsment at kampo ng militar at pulis. Sa Mindanao, may nakatayo nang mahigit 700 detatsment ng mga sundalo at CAFGU.

# Saywar at pakitang-taong mga programa

IWINAWASIWAS NG REHIMENG DUTERTE ang E-CLIP bilang programang sosyo-ekonomikong magbibigay umano ng ayuda at serbisyong pabahay sa mga "sumurender." Nasa kamay ng AFP ang pondo para rito.

Batbat ng korapsyon ang pagpapatupad ng E-CLIP. Sa papel, ipinagmamalaki ng AFP na nakatatanggap ang kada "surenderi" ng P60,000 ayudang pangkabuhayan. Sa aktwal, pinakamataas na ang P5,000 sa natatanggap ng mga pinasuko nilang sibilyan. Mas marami ang walang natanggap liban sa "grocery bag" na may kaunting bigas at ilang delata. May mga kaso na ang ibinayad sa kanila ay motorsiko na obligado nilang hulugan kada buwan.

Bukod sa E-CLIP, naglulunsad din ang AFP at iba't ibang ahensya ng gubyerno ng pakitang-taong mga pagsasanay pangkabuhayan, at kampanya sa edukasyon, literasiya at pangkalusugan. Nagpapakulo ang mga sundalo ng libreng pagpapagupit, pamamahagi ng gamot, pagbubunot ng ngipin at minor na mga operasyon .

Kasabay nito ang pekeng pamamahagi ni Duterte ng lupa bilang pangontra sa mga pakikibakang agraryo na inilulunsad ng mga magsasaka. Sa aktwal, ang tanging ipinamimigay ni Duterte ay mga papeles ng bentahan na dapat bayaran o hulugan ng mga magsasaka. Hindi ginagalaw ni Duterte ang lupa ng malalaking asendero o mga plantasyon. May mga kaso na ang lupang kanyang ipinamimigay ay dati nang napagtagumpayan binubungkal ng mga magsasaka.

Pinalalabas ni Duterte at ng AFP na masosolusyunan ng E-CLIP at iba pang mga pakulo nito (Balik-Loob, Balik-Armas) ang problema ng kawalan at malawakang pang-aagaw ng lupa na pangunahing dahilan sa likod ng armadong paglaban. Tinatabingan nito ang saligang mga hinaing ng masang magsasaka para sa lupa, makatwirang presyo sa kanilang produkto, mababang interes sa pautang at iba pang reporma para iangat ang kanilang kabuhayan.

Mula 2019, nagsasagawa rin ang AFP ng kampanya para ideklarang "persona non grata" (taong di kanais-nais) ang BHB at mga "maka-Kaliwang" organisasyon ng

magsasaka at iba pang mamamayan sa kanayunan. Inoobliga ng AFP at PNP ang mga gubernador, meyor, kapitan at kanilang mga konseho na maglabas ng ganitong mga deklarasyon. Pangunahing pakay nito ang ikutan ang umiiral na mga batas at gamitin ang mga ito para ipagbawal ang mga organisasyong masa na pinararatangan ng AFP na may kaugnayan sa BHB.

Ginagamit din ng AFP ang tradisyunal na mga institusyon ng pambansang minorya para hatiin ang kanilang hanay at mga komunidad. Sa Cordillera, ginagamit ng AFP ang *bodong* (kasunduan sa kapayapaan) ng mga Igorot para pasiklabin ang mga gera sa pagitan ng tribu. Sa mga prubinsya ng Agusan at Misamis Oriental, nagpapatawag ang mga batalyon ng AFP ng mga *dumalongdong* (pagtitipon ng mga datu) para sapilitang "ipasurender" ang mga Lumad at ipaloob sila sa kampanyang kontra-insurhensya.

Layon ng mga taktikang ito ng AFP na sirain ang pagkakaisa ng masa at wasakin ang kanilang mga organisasyon.

# Pagsupil sa aktibismo at mga karapatang demokratiko

PINAHIGPIT NG NTF ANG KOORDINADONG mga pagsisikap ng AFP at PNP para supilin ang aktibismo at demokratikong paglaban ng mamamayan sa tiraniya ni Duterte. Pinaarangkada nito ang lantarang sarbeylans at intimidasyon, *red-tagging*, pang-aaresto, detensyon at pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso laban sa mga myembro ng mga demokratikong organisasyon ng mga manggagawa, maralitang-lungsod, kabataan at mga estudyante, kababaihan, mga kawani at iba pang sektor. Layon nitong busalan ang kanilang paglaban kay Duterte.

Bago pa man pormal na buuin ang NTF, ibinwelo na ng mga tauhan ng AFP at PNP ang kampanyang *red-tagging* o pagbabansag sa mga demokratikong organisasyon bilang mga "komunistang prente" para bigyan-katwiran ang malawakang paglabag sa karapatang-tao ng mga aktibista. Sinimulan ito sa bigong pakanang Red October, ang kunwa'y pinag-isang plano ng mga komunista, pulitikal na oposisyon at ligal na mga organisasyong masa para patalsikin si Duterte sa poder. Kasabay nito, naglabas ang AFP ng mga listahan ng kunwa'y mga myembro at tagasuporta ng PKP at BHB sa hanay ng midya, simbahan at iba pang sektor sa Iloilo, Baguio, Cagayan de Oro, Davao at mga sentrong bayan.

Pinayungan ng NTF ang maramihang pagsasampa ng kaso at matagalang detensyon ng mga aktibista at ordinaryong mga sibilyan. Lalo nitong pinag-ibayo ang maruruming taktikang ligal ng Inter-agency Committee on Legal Action (IALAC) ng Department of Justice, Department of Interior and Local Government, at ng PNP at AFP. Sunud-sunod na mga reyd ang inilunsad ng PNP at AFP sa mga upisina ng mga organisasyong masa o bahay ng mga lider aktibista, gamit ang mga mandamyentong inilabas ng kakutsabang mga huwes. Garapalan ang pagtatanim ng mga baril, pampasabog at iba pang "ebidensya" upang sampahan sila ng mga kasong *illegal possession of firearms o explosives* at matagalan silang ibimbin. Pangunahing ginamit ang IALAC para hulihin at sampahan ng gawa-gawang mga kaso ang 13 konsultant at personnel ng National Democratic Front sa usapang pangkapayapaan.

Sa kanayunan, ginagamit ang mga mandamyentong ito para bigyan-katwiran ang malawakang pamamaslang. Sa Negros, halimbawa, ang halos sabay-sabay na pagpaslang sa 20 lider at aktibistang magsasaka noong Disyembre 2019 at Enero 2019 sa kani-kanilang mga bahay ay isinagawa ng pinagsanib na mga pwersa ng AFP at PNP sa tabing ng "paghatid ng mandamyento de aresto." Pinalabas na ang mga biktima ay "nanlaban" at na sila ay mga myembro ng BHB. Sa maraming pagkakataon, nagsisilbing banta sa buhay ang naturang mga mandyamyento sa mga magsasaka o minoryang pinasusurender ng militar.

Itinayo ng NTF ang mga upisina ng PNP sa loob ng mga engklabo ng paggawa sa ilalim ng pangalang Joint Industrial Peace and Concern Office (JIPCO). Layunin nitong pigilan ang mga manggagawa na magbuo ng mga unyon para labanan ang kontraktwalisasyon at igiit ang kanilang panawagan para sa dagdag sahod.

Sa mga paaralan, ginagamit ng AFP na dahilan ang "pamumundok" ng ilang estudyante para supilin ang kanilang lehitimong mga pakikibaka sa mga kampus. Pinalalabas ng AFP na "pinilit" o "niloloko" sila ng mga aktibistang organisasyon para sumapi sa BHB. Naglulunsad ang AFP ng mga Youth Leadership Seminar sa mga kolehiyo at hayskul sa iba't ibang panig ng bansa para pigilan ang mga estudyante na mag-organisa.. Nagtayo ang AFP ng organisasyon ng mga magulang at pinalabas na "nawawala" ang kanilang mga aktibistang anak.

Sa pambansang kabisera, ipinagpapatuloy ng RTF-NCR ang panggigipit ng Oplan Kalasag, isang magkasanib na operasyon ng AFP at PNP na nagsagawa ng malawakang pananakot sa mga akbista, pagkakalat ng pekeng balita at disimpormasyon at nagpakana sa kampanyang Red October. Ipinakat ang mga sundalo at pulis sa iba't ibang lugar sa Kamaynilaan, laluna sa mga komunidad ng maralita, upang pigilan ang kanilang pag-oorganisa at mga pakikibaka.

Itinutulak din ng NTF ngayon ang kaso sa Manila Regional Trial Court para pormal na ideklarang "terorista" ang PKP at BHB sa ilalim ng Human Security Act. Nais nitong gamitin ang gayong pagdedeklara para gipitin at tuluyang ipagbawal ang demokratikong mga organisasyon na pilit na pinalalabas na mga prente o sumusuporta sa PKP at BHB.

# Disimpormasyon at panloloko

TODO-LARGA AT WALANG TIGIL ang pagpapalaganap ng NTF ng disimpormasyon para siraan ang mga demokratikong pwersa, lumikha ng artipisyal na upinyong publiko pabor kay Duterte at gipitin ang lahat ng mga katunggali niya sa pulitika. Taun-taon, naglulunsad ito ng pulong para sa gawaing midya at social media, at aktibo itong nagsasanay ng mga tauhan para sa gawaing internet. Nagpapakalat ang mga tauhang ito ng kabastusan, kabuktutan at basura sa social media at internet.

Sa midya at *social media*, nilulunod ng mga tagapagsalita ni Duterte at ng AFP, katuwang ng kanilang mga bayarang *troll*, ang mga hinaing at reklamo ng mamamayan. Nagpapalaganap sila ng baluktot na mga linya at kaisipan—tulad ng "komunistang ahitasyon at propaganda" lamang ang ugat ng gera sibili sa Pilipinas, at hindi ang matinding pagsasamantala at pang-aaping dinaranas ng mamamayan.

Malaki ang ginagastos ng NTF upang isagawa ang internasyunal na kampanyang disimpormasyon. Ilang ulit na nagpadala ng upisyal militar si Duterte sa Europe upang siraan ang mga lokal na organisasyon at hadlangan ang pagtanggap ng mga ito ng ayuda mula sa mga internasyunal na ahensya. Nagpadala pa si Duterte ng delegasyon ng mga pekeng lider Lumad para siraan ang mga demokratikong organisasyong masa at kontrahin ang kanyang reputasyong mamamatay-tao.

Pinapaypayan ng NTF ang kulto ni Duterte. Animo'y diyos nila si Duterte at ipinagbubunyi ang kanyang kasamaan. Todo-todo ang kanilang pagtatanggol sa kanilang "idolo" kahit pa sa pinakanakasusuklam niyang mga pahayag at gawi.

Todo-todo ang kanilang paninira sa Pulang hukbo at mga rebolusyonaryong pwersa. Aktibo ang lahat ng mga tagapagsalita ng mga kumand, dibisyon at maging mga batalyon para magpakalat ng mga kasinungalingan at maglubid ng mga kwento. Paulit-ulit ang paglalabas ng AFP ng mga pekeng balita ng mga engkwentro para pagtakpan ang kanilang mga krimen ng pagpatay sa mga magsasaka. Walang tigil ang kanilang pagsisinungaling tungkol sa diumano'y mga batang mandirigma ng BHB, pangingikil sa mamamayan, paglabag as internasyunal na batas sa pagamit ng bomba at mina, at iba pang kabuktutan.

# Sinu-sino ang nakikinabang sa NTF-ELCAC?

SI DUTERTE ANG NUMERO UNONG nakikinabang sa NTF-ELCAC. Bilang kumander nito, natitiyak niya at ng pinakamatatapat niyang heneral, na magsisilbi sa kanya at kanyang pangkatin ang buong makinarya at rekurso ng estado. Nagagamit niya ang lahat ng ahensya mula antas-pambansa hanggang lokal para durugin ang sinumang pulitiko o grupong humahamon sa kanyang paghahari. Napopondohan niya ang pagwasak sa mga demokratikong organisasyon ng mamamayan na walang tigil na bumabatikos at lumalaban sa kanyang pasistang ambisyon.

Malaki rin ang pakinabang dito ng mga heneral at matataas na upisyal ng AFP at PNP. Pinagkakakitaan nila ang bilyun-bilyong pondong inilaan ni Duterte para sa pagbili ng mga sasakyan, armas, bomba at balang ginagamit sa pinaigting na mga operasyong militar. Hawak nila ang papalaking badyet ng kanilang mga departamento. Tumatanggap ng mas matataas na sweldo hindi lamang ang mga upisyal, kundi pati na rin ang ordinaryong mga kawal nito (na kinukupitan din ng nakatataas na mga upisyal.) Pinakinabangan nila ang P49 bilyong pondong nakalaan para sa E-CLIP noong 2019.

Pinakikinabangan din ng militar ng US at malalaking kapitalista sa industriya ang NTF-ELCAC. Dahil sa pagbibigay-prayoridad ng rehimeng Duterte sa kontra-insurhensya, tuluy-tuloy na naibebenta ng US ang sobra at pinaglumaang mga kagamitang militar nito.

Sa pangmatagalan, nagsisilbi ang NTF sa malalaking burgesya kumprador at sa mga dayuhang bangko at kumpanya na kanilang kasosyo sa pandarambong at pagsasamantala sa yaman at mamamayan ng bansa. Ang mga ito ay nag-oopereyt o may balak na mag-opereyt ng mga mina, dam at mga plantang pang-enerhiya, komersyal na plantasyon, proyektong panturismo, pang-eksport at iba pang imprastruktura. Kinakamkam ng naturang mga proyekto ang mga lupang agrikultural ng maliliit na magsasaka at lupang ninuno at kagubatan ng pambansang minorya na mayaman sa mineral at iba pang rekurso.

Marami sa mga ito ay matagal nang nakaplano subalit humaharap sa mahigpit na pagtutol ng mga magsasaka at minoryang mamamayan. Prayoridad ng NTF na "linisin" ang mga lugar ng mga proyektong ito upang matuloy na ang konstruksyon ng naturang mga imprastraktura.

Tungo rito, ipinarepaso ni Duterte ang mga Regional Development Plan para tiyaking nakaayon ang mga ito sa plano ng NTF. Ginawa nitong prayoridad ang anito'y mga Conflict Affected Area o mga lugar na may armadong tunggalian at ginawang pokus ng militarisasyon. Sa maraming kaso, dinidistrungka ng AFP ang lumalarga nang mga plano sa ekonomya ng mga rehiyon upang tumugma ang mga ito sa kampanya sa kontra-insurhensya.

Sa Caraga, halimbawa, ipinabago ng AFP ang plano ng rehiyon at inatasan ang RDC-4 na maglaan ng espesyal na badyet para sa 116 barangay na anito'y apektado ng armadong tunggalian. Umaabot sa P4.6 bilyong badyet ang itinulak ng NICA at mga brigada ng 4th ID na ilaan ng RDC para sa RTF-ELCAC. Karamihan sa mga tinukoy na barangay ay target ng malalaking dayuhang minahan.

May mga pagkakataong mga sundalo ang nagsisilbing "eskort" ng mga dayuhan at lokal na mamumuhunang nag-iinspeksyon sa mga lupang target ng ekspansyon ng mga plantasyon. Sa ilang lugar, tinatadtad ng AFP ng mga detatsment ng CAFGU ang kabundukang target na tayuan ng malalaking proyektong *geothermal* at dam.

Ginagamit din ng AFP ang mga proyektong pang-ekonomya para isakay ang mga layunin ng kontra-insurhensya. Halimbawa, naglalatag ang mga Engineering Brigade ng mga kalsada at tulay na kunwa'y *farm-to-market* (daanan para pabilisin ang transportasyon ng mga produktong agrikultural), kahit pa ang mga ito'y patungo sa liblib na mga lugar na walang barangay o sakahan. Liban sa pagpapabilis ng kilos ng kanilang mga tropa at gamit militar para makapasok sa kagubatan, nagsisilbi rin ang mga ito para sa transportasyon ng mga produkto ng itatayong mga dayuhang mina at plantasyon sa kabundukan. Habang ginagawa ang mga daan, permanente ang presensya ng mga sundalo na nagsisilbing *road security* o "seguridad sa kalsada."

Gumawa ng sariling pagkukulumpon ng mga erya ang mga RTF para mas bigyang-diin ang mga prayoridad na kailangang pagtuunan ng mga programa, proyekto at aktibidad. Sa Region 10, tinawag ang mga kulumpon na ito bilang "Convergence Areas for Peace and Development (CAPDev). Sa Region 13 (Caraga), tinawag itong "Peace

and Development Zones."

Sa kaso ng CAPDev, ang tinukoy na mga kulumpon ay yaong mga kabundukang itinuturing ng AFP bilang mga base at sonang gerilya ng BHB. Sa mga lugar na ito rin target itayo, itinatayo o nag-oopereyt na, ang malalaking korporasyon sa enerhiya, komersyal na plantasyon, pagmimina at pagtotroso, at mga imprastrukturang aagaw sa daanlibong ektarya ng lupang ninuno at agrikultural.

Pinakamatingkad sa mga ito ang Balatucan-Balingasag Geothermal Prospect sa Misamis Oriental at ang Pulangi River Dam 5 sa hangganan ng Bukidnon at North Cotabato; mga paliparan at sistema ng mga daan sa Valencia City; ekspansyon ng komersyal na mga plantasyon sa Calabugao Plains; at mga proyektong mina sa Umayamnon Complex. Marami sa mga ito ay mga proyektong binalangkas katuwang ang World Bank, Asian Development Bank at malalaking dayuhang kumpanya.

Samantala, inokupa ng mga yunit ng RCSP ang mga barangay na target din para sa mga proyektong "pangkaunlaran." Sa Masbate, nakapwesto ang mga yunit ng RCSP sa 55 barangay na saklaw o nakapaligid sa planong itayong Masbate International Tourism Enterprise at Masbate Special Economic Zone na sasaklaw ng 1,854 ektarya. Parehong naigawad na sa mga kumpanyang Chinese ang kontrata sa konstruksyon ng mga ito.

# Ano ang epekto ng NTF sa mamamayan?

MALAWAKANG TEROR AT DISLOKASYON ang hatid ng NTF sa mamamayan. Sa ngalan nito, isinasagawa ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado ang maramihang pagpaslang, iligal na pang-aaresto at detensyon, intimidasyon at panggigipit, at iba pang pang-aabuso. Buu-buong komunidad ang pinalalayas dahil sa malakihang mga operasyong kombat at okupasyon ng mga baryo.

Walang pakundangan ang pamamaslang ng mga pasistang sundalo sa mga sibilyang naaabutan ng kanilang mga operasyon. Madalas, pinalalabas nilang mga Pulang mandirigma ang mga biktima. Sa ibang pagkakataon, naglulubid ng kwento ang AFP at sinasabing BHB ang pumatay sa kanilang mga pinaslang.

Nagdudulot ng matinding takot ang mga kanyong ipinupwesto nila sa loob o tabi ng mga komunidad, at ang pag-iistraping at pambobomba ng mga helikopter malapit sa mga baryo at eskwelahan. Noong 2019, nakapagtala ang *Ang Bayan* ng hindi bababa sa 17 insidente ng pambobomba at 117 insidente ng okupasyon at atakeng militar sa mga baryo na nagresulta sa ebakwasyon ng mahigit 26,100 indibidwal.

May mga pagkakataong sibilyan ang tinatamaan sa walang-patumanggang pag-iistraping at pambobomba ng AFP. Isa rito si Datu Kaylo Bontulan na noo'y bumibisita sa kanyang mga kamag-anak sa Kitaotao, Bukidnon.

Tinatarget ang mga lider magsasaka para maghasik ng pinakamalawak na teror sa mga komunidad. Ang mga pagpaslang ay madalas na isinasagawa ng nakamotorsiklong mga sundalo, paramilitar, o elemento ng CAFGU. Ang iba nama'y binabantaang ikukulong. Maraming sa pinag-iinitang mga pamilya ang pinipiling iwan ang kanilang bahay at kabuhayan, lumipat ng bayan o magtago sa kagubatan para takasan ang panggigipit ng AFP.

Nilalabag ng AFP ang mga karapatan kahit ng mga sibilyang "sumurender." Ikinukulong sila sa mga kampo militar at ginagawang utusan ng mga sundalo. Ang iba sa kanila ay pinagtatrabaho sa konstruksyon ng mga detatsment, lapagan ng helikopter at iba pang istruktura tuwing may FMO.

Sa taunang ulat ng *Ang Bayan* para sa 2019, nakapagtala ng 89 kaso ng pagpaslang

ng mga armadong ahente ng estado, 39 nito ay sa Negros. Labing-apat sa mga pinaslang sa isla ay halos magkakasabay na pinatay noong Marso 30 sa ilalim ng Oplan Sauron ng AFP at PNP. Hindi pa kabilang dito ang hindi bababa sa anim na sibilyang pinatay ng nag-ooperasyong tropa ng AFP sa mga prubinsya ng Agusan na pinalabas nilang mga Pulang mandirigma. Noon ding 2019, pinaslang ng mga elemento ng AFP si Randy Felix Malayao, isa sa mga konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan. Ikinulong din ang 13 pang konsultant at istap matapos silang tamnan ng bala, baril at eksplosibo.

Pinamasahol ang walang kaabug-abog na pagpaslang ng mga sundalo kay Kasamang Julius Giron (Ka Nars) sa Baguio City noong Marso 13.  Nagpapagamot siya noon sa syudad. Kasama niyang pinaslang ang kanyang duktor at isa pang umaalalay sa kanya.

Ipinatupad ni Duterte ang *crackdown* sa mga demokratikong organisasyon sa kalunsuran para paralisahin ang operasyon at patahimikin ang mga myembro ng mga ito. Isa sa pinakamalalang kaso ang pag-aresto at iligal na detensyon sa 57 myembro ng mga demokratikong organisasyon sa Negros noong Oktubre 31 at Nobyemre 1. Kabilang sa mga inaresto ang tagapangulo ng Bayan-Negros, mga lider manggagawa at kabataan, at myembro ng alternatibong midya.

Noong Oktubre 31, inaresto rin ng mga pulis sina Cora Agovida, tagapangulo ng Gabriela-Metro Manila at ang kanyang kabiyak na si Michael Bartolome, upisyal ng Kadamay. Sunod na sinalakay ng mga pulis ang upisina ng Bayan-Manila sa Barangay Tondo, at inaresto ang tatlong upisyal nito.

Nagsilbi ang mga insidenteng ito na banta sa iba pang mga lider masa sa pambansang kabisera. Lumaganap din ang pananakot na sasalakayin ng mga pulis ang mga pambansang upisina ng mga demokratikog organisasyon at institusyon, katulad ng ginawa sa Negros.

Isa pang matingkad na kaso ang pagsalakay ng mga pulis at sundalo sa upisina ng Misamis Oriental Farmers Association noong Pebrero 2019. Liban sa wala silang dalang mandamyento para rekisahin ang upisina, iligal nitong inaresto ang 6 na tumutuloy dito, kabilang ang isang dalawang-taong gulang na bata at kanyang 16-taong gulang na tagapag-alaga.

# Paano lalabanan ang NTF at ang pasismo ni Duterte?

KAILANGANG LABANAN NG MAMAMAYAN ang NTF, bilang makinarya ng pasistang paghahari ni Duterte, sa lahatang-panig na paraan.

Magagapi ito, at si Duterte mismo, sa pamamagitan ng pagbubuklod ng pinakamalawak na bilang ng Pilipino laban sa kanyang pasistang mga pakana. Kailangang palakasin ang mga demokratikong organisasyon at mga pakikibaka ng iba't ibang sektor, laluna ang masang anakpawis na pinakatinatamaan nito. Dapat magsuportahan ang mamamayan sa kanayunan at kalunsuran, at paigtingin ang kanilang pagkakaisa laban sa pang-aatake sa kabuhayan at mga karapatan.

Dapat igiit ng mamamayan ang kanilang mga demokratiko at ligal na karapatang ginagarantiyahan maging ng konstitusyong 1987. Dapat tuligsain ang mga pakana ni Duterte at ng AFP para ikutan ang batas at abusuhin ang kanilang kapangyarihan. Dapat gamitin ang lahat ng paraang ligal, kabilang ang pagsasampa ng reklamo sa mga korte laban sa mga upisyal ng militar at pulis na sangkot sa mga pang-aabuso, paninirang-puri, *red-tagging*, walang batayang paglilista bilang "terorista," pwersahang "pagpapasurender" at iba pang asunto. Para maisagawa ito, dapat masusing idokumento ang bawat pang-aabuso, itala ang pangalan ng mga salarin, at maagap na i-ulat ang mga ito sa mga abugado, tagapagtanggol ng karapatang-tao, midya at iba pa. Dapat ilantad at batikusin ang kaso ng pagpapadeklara sa PKP bilang teroristang organisasyon, lalupa't ang tunay na target nito ay ang demokratikong kilusan sa lunsod at mga sentrong bayan.

Kailangang ilantad at labanan ang matitinding operasyong militar at mga paglabag sa karapatang-tao ng masang anakpawis sa kanayunan. Labanan ang mga kaso ng pangangamkam sa lupa. Batikusin ang mga mapandambong na proyektong imprastruktura na nagsisilbi lamang sa mga lokal at dayuhang malalaking kapitalista. Tuligsain ang mga burgesya-kumprador at kanilang kasosyong mga burukrata na direktang makikinabang sa mga proyekto.

Ibayong palakasin ang mga pakikibaka para sa libreng pamamahagi ng lupa, at mga repormang pansakahan kabilang ang pagpapababa ng upa sa lupa at interes sa

pautang, pagpapataas sa sahod, pagtakda ng makatwirang presyo sa pagbili ng mga produktong pambukid, at iba pang hakbangin para sa pagpapahusay ng kabuhayan ng masa. Mahigpit ding labanan ang anti-mamamayang mga patakarang pumapatay at nagpapahirap sa milyun-milyon kabilang ang liberalisasyon ng importasyon ng bigas at pahirap na mga buwis. Dapat singilin ang gubyernong Duterte sa pagiging inutil nito sa harap ng sunud-sunod na bagyo, tagtuyot, lindol, pandemya, at iba pang sakuna. Ikawing ang mga pakikibakang ito sa pakikibaka laban sa armadong panunupil ng AFP sa ilalim ng NTF.

Dapat tuligsain ang ipinataw nitong mga patakarang nagpapayaman sa mga dayuhan at burukrata, at ilantad at labanan ang mga yunit militar na nagsisilbing gwardya ng mga ito.

Dapat aktibong kontrahin ang panlilinlang ni Duterte sa masang anakpawis. Ginagamit ni Duterte ang umiiral nang mga programa ng estado para ipatupad ang malawakang pangangamkam ng pribado at pampublikong lupa. Kabilang dito ang National Greening Program, Integrated Forestry Management Agreement, pagbibigay ng mga Certificate of Ancestral Domain Title at iba pang pakana ng National Commission on Indigenous Peoples.

Malawakang ikampanya ang pagpapalayas sa mga tropa at detatsment ng CAFGU. Ilantad sa midya at *social media* ang bawat paglabas-masok ng mga sundalo sa mga barangay upang alertuhin ang taumbayan, at ilantad ang buktot na pakay ng mga operasyong militar. Bilangin at itala ang bawat panganganyon at pambobomba at ireklamo ang mga ito sa mga lokal na gubyerno para obligahin silang gumawa ng hakbang. Isa-isang pangalanan ang mga berdugong upisyal ng AFP at ilantad ang rekord ng kanilang mga krimen, maka-US na katayuan at pananaw, ugnay sa malalaking burukrata at mga kriminal na sindikato, at mga pag-abuso sa kapangyarihan. Gamitin ang mga panawagang #LayasMilitar, #TroopAlert, #BerdugoAlert at iba pa sa *social media* para mabilis na maparating sa publiko ang kanilang mga pang-aabuso.

Armadong pakikibaka ang pinakaepektibong paraan ng paglaban sa pasistang panunupil ng rehimeng Duterte at ng NTF. Dapat ibayong palakawakin at palakasin ang BHB, mga lokal na yunit nito at ng milisyang bayan. Dapat maglunsad ang BHB ng mga taktikal na opensiba laban sa mga yunit ng AFP na nananalasa sa masang magsasaka

upang labanan ang kanilang walang pakundangang brutalidad at pang-aabuso. Dapat targetin ang mga paramilitar na CAFGU at ang lambat ng intelidyens ng AFP.

Dapat bigyang proteksyon ng BHB ang masang hinahagupit ng pasismo. Ang mga magsasakang target ng pamamaslang o pagkukulong ng AFP ay maaaring sumilong sa malalapit na yunit ng BHB. Ang mga aktibista sa kalunsuran na tinutugis ng kaaway ay maaaring tumungo sa kanayunan at magpakanlong sa BHB.

Kawanihan sa Impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas
Marso 2020